# SOCIAL PROTECTION, NOT CORRUPTION!

**21 September 2025**

Today, Filipinos once again commemorate a dark time in Philippine history in honor of rights defenders and their families who endured repression, corruption, and grave human rights abuses under Marcos' Martial Law. Their sacrifices remind us of the high cost of speaking up and standing strong against injustices of an authoritarian regime, and how the power of collective action spurs resistance towards freedom where no one gets left behind.

This year's commemoration is also a reminder of grassroots activism confronting social ills brought about by Marcos' dictatorship. 53 years after, corruption issues, abuse of power, and the culture of impunity continue to deprive Filipinos of basic economic, social, and cultural rights, specifically essential social services to be able to live a life with dignity. Bad governance weakens institutions, endangering countless Filipinos especially those who are most vulnerable.

Our social security is at its most fragile and while those in power exploit the country's coffers, they fail at the same time in guaranteeing crucial social protections for all, that could have provided a degree of predictability, which is valuable during turbulent times such as a global climate crisis both at the individual and community level. This is history repeating itself, and Filipinos have had enough.

Amnesty International Philippines stand in solidarity with individuals and groups who continue to resist corruption, economic challenges and poor public service. The nationwide protests that's been happening reflects the widespread frustration, when basic needs are not met, just like in the 70s, people will turn to the streets to protest and call for accountability.

Filipinos have made it clear that what the nation needs are urgent measures to address the pervasive culture of impunity that continues to fuel corruption, contributing to further violations of human rights. Marcos Jr's government must strengthen all national legal and institutional frameworks for fighting corruption and enhancing accountability for corruption offenses to curb the culture of excess that his father's dictatorship left the Filipinos with, after their family's years of exploitation of Philippine resources and our hard-earned taxes.

Never Again! Never Forget.

**Read more:**
www.amnesty.org.ph
**Join us.** Scan the QR code for more info.

bitly

PROTECT THE PROTEST

BILANG TIBAK

AMNESTY INTERNATIONAL

# PANLIPUNANG PROTEKSYON, HINDI KURAPSYON!

Ngayong araw ay muling ginugunita ng mga Filipino ang isang madilim na yugto sa kasaysayan ng bansa na siya ring daan upang ipagpugay ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at kanilang mga pamilya na dumaan sa matinding panunupil, kurapsyon at paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng Batas Militar ni Marcos Sr.. Ang kanilang mga sakripisyo ang nagpapaalala sa atin na mabigat ang kapalit ng pagsasalita at pagtindig laban sa kawalan ng katarungan sa ilalim ng awtoritaryanismo, at kung paano ito nagbunsod ng people power upang lumaban tungo sa kalayaan kung saan walang sinuman ang naiiwan.

Ang paggunita ngayong taon ay nagsisilbing paalala rin ng diwa ng maka-masang pagkilos para sa mga patuloy na humaharap sa mga suliraning panlipunan na iniwan ng diktaduryang Marcos. Makalipas ang 53 taon, nananatiling problema ang isyu ng kurapsyon, pang-aabuso sa kapangyarihan, at kultura ng impunidad. Patuloy na bumabagabag sa mga Filipino ang kawalan ng batayang serbisyo na kumakatawan sa karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura na higit na kailangan ng bawat isa upang mamuhay ng may dignidad. Pinahihina ng maling pamamahala ang mga institusyon at inilalagay sa mas alanganing sitwasyon ang napakaraming Filipino lalo na ang pinaka-naghihirap.

Nasa pinakamapanganib na yugto tayo ng ating panlipunang seguridad ngayon kagaya noong panahon ni Marcos Sr.. Habang patuloy na pinagsasamantalahan ng mga nasa kapangyarihan ang yaman ng bayan, patuloy tayong binibigo ng administrasyong Marcos Jr. na bigyan ng mga mahahalagang panlipunang proteksyon na higit na kailangan sa panahong puno ng kaguluhan at agam-agam, tulad ng dulot ng pandaigdigang krisis sa klima na pinagdadaanan ng maraming indibidwal at komunidad. Hindi dapat nauulit ang kasaysayang pinagdaanan noong panahon ng Martial Law.

Nakikiisa ang Amnesty International Philippines sa lahat ng mga indibidwal at grupo na patuloy na lumalaban sa kurapsyon, kahirapan at kakulangan ng serbisyong panlipunan. Ang malawakang kilos-protesta sa buong bansa ay malinaw na tanda ng matinding pagkadismaya sa hindi matugon-tugunang batayang pangangailangan ng mga mamayan. Gaya noong dekada '70, muling bumabalik sa lansangan ang taumbayan upang magprotesta at manawagan ng pananagutan.

Malinaw ang sigaw ng sambayanang Filipino - ang kailangan ng bansa ay mga agarang hakbang upang wakasan ang talamak na kultura ng impunidad na siyang patuloy na nagpapalaganap ng kurapsyon at nagdudulot ng higit pang paglabag sa karapatang pantao. Dapat palakasin ng pamahalaan ni Marcos Jr. ang mga pambansang batas at institusyon upang sugpuin ang kurapsyon, tiyakin ang pananagutan sa mga kaso ng katiwalian, at wakasan ang kultura ng kalabisan na iniwan ng diktadurya ng kanyang ama at ilang taong pananamantala ng Pamilyang Marcos sa pinaghirapang buwis ng taumbayan.

**Never Again! Never Forget.**